

FAQ: COVID-19 at Special Enrollment Periods

Ano ang Special Enrollment Period?

Ang Special Enrollment Period (SEP) ay nagbibigay daan sa iyo na bumili ng plano sa seguro sa kalusugan sa ACA Health Insurance Marketplace sa labas ng Open Enrollment Period. Ang 2020 Open Enrollment Period ay nagtapos noong Disyembre 15, 2019, at ang 2021 Open Enrollment Period ay hindi magsisimula hanggang Nobyembre 1, 2020. Sa pagitan ng mga petsang ito, maaari ka lamang makabili ng saklaw sa ACA Marketplace kung ikaw ay karapat-dapat para sa SEP. Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa SEP kung ikaw ay nakakaranas ng mga tiyak na kwalipikadong kaganapan sa buhay, at ikaw ay karaniwang may 60 araw para mamili ng plano.

Ano ang Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay?

Ang Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay ay isang pagbabago sa iyong kalagayan na nagreresulta sa iyong pagiging karapat-dapat para sa Special Enrollment Period (SEP) upang magpatala sa saklaw ng seguro sa kalusugan. Ang SEP ay pinahihintulutan kang magpatala sa isang plano o gumawa ng mga pagbabago sa iyong kasalukuyang plano.

Mga Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay ay Kinabibilangan:

- Hindi sinasadyang pagkawala ng iba pang saklaw sa kalusugan, tulad ng sa pagkawala ng trabaho, diborsyo, pagtatapos ng indibidwal na plano ng patakaran sa taong 2020 (hindi alintana kung ang plano ay kanselado o para sa pag-renew), pagkalipas ng COBRA, pagtatapos ng plano ng magulang (halimbawa, pagiging 26), pagkawala ng Medicaid o All Kids, atbp.
- Ikakasal
- Pagkakaroon ng sanggol, pag-amon ng bata o paglalagay ng bata para sa pag-amon o pangangalaga ng foster
- Paglipat sa labas ng lugar na saklaw ng iyong kompanyang nagseseguro
- Pagkakakuha ng pagkamamamayan o karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon
- Pagkakaroon ng katayuan bilang isang miyembro ng isang tribong Indian (ang mga miyembro ng mga tribo na kinikilala ng pederal ay maaaring mag-sign up o magbago ng mga plano minsan sa bawat buwan sa buong taon)
- Paglabas mula sa pagkakabilanggo
- Para sa mga taong nakapagpatala na sa plano ng ACA Marketplace: Pagkakaroon ng pagbabago sa estado sa sambahayan o kita na nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat sa tulong pinansyal.

Paano ako mag-aapply para sa saklaw ng Marketplace kung mayroon akong Kwalipikadong Kaganapan sa Buhay?

Kung ikaw ay nakaranas ng isang kaganapan na nakapagpabago sa iyong buhay at kailangan ng saklaw, may tatlong mga paraan na maaari mong gawing unang hakbang upang makakuha ng sakop.

1. Maaari kang tumawag sa ACA Federal Marketplace sa numero ng telopono (800) 318-2596.
2. Maaari ka ring pumunta sa [GetCoveredIllinois.gov](https://www.getcoveredillinois.gov) upang maghanap ng Navigator, o

3. Maaari mong simulan ang proseso sa iyong sarili sa [healthcare.gov](https://www.healthcare.gov)